

Pagpuputol ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad

Buod ng Ordinansa Blg. 2019-02, Seksyon 7117.01

Makikita ang polisiya sa www.pphcsd.org at sa opisina ng Distrito

Iskedyul sa Paniningil

Abiso/Aksyon	Bagong Iskedyul
Unang Inilibas na Bayarin	Ika-1 ng buwan – Kung ang ika-1 ay natapat ng weekend o holiday ipadadala ang kuwenta ng bayarin sa huling araw na may pasok ng nakaraang buwan
Takdang Petsa ng Bayarin	Ika-15 ng buwan – Takda ng kabayaran at magiging pabaya ang account kung hindi pa mababayaran sa araw na ito
Abiso sa Paglampas sa Itinakda (maaaring tanggalin kung hindi kailangan)	19+ na araw matapos ilabas ang orihinal na bayarin o sa ika-20 ng buwan
Ikalawang Inilibas na Bayarin	Ika-1 ng susunod na buwan – Itatala sa bayaring ito ang halagang dapat bayarang lampas na sa itinakda
Ikatlong Inilibas na Bayarin	Ika-1 ng susunod na buwan – Itatala sa bayaring ito ang halagang lampas na sa itinakda na sakop na sa puputulin
Itinakdang Petsa para sa Multa	Ika-3 o ika-4 na Lunes ng buwan
Tawag sa Telepono para sa Hangaring Pagpuputol	7 araw bago ang petsa ng pagpuputol
Kagandahang-loob na Tawag sa Pagpuputol	1 araw bago ang pagpuputol
Pagpuputol ng Serbisyo	60 araw pagkatapos ng petsa ng itinakdang pagbabayad, 75+ araw mula sa orihinal na paglalabas ng bayarin

Kailangan ng karagdagang panahon para makabayad?

Narito kami para tumulong. Tingnan sa ibaba ang mga nakatalang pagpipiliang alok ng Distrito.

- Pagpapaliban ng bayad-** Bawat account ay karapat-dapat sa 2 palugit kada taon.
- Alternatibong iskedyul ng pagbabayad-** Makipag-ugnayan sa opisina ng Distrito para makapagtakda ng kasunduan sa pagbabayad.
- Amortisasyon-** Ang mga customer na nakakatugon sa mga kinakailangan ay magiging karapat-dapat sa pag-aamortisa ng bayarin sa isang panahong hindi lalampas ng 12 buwan.
- Binabaang bayad-** Bawat account ay karapat-dapat para sa isahang-beses na pagbabaubaya sa bayad sa pagputol at isahang-beses na pagpapaubaya sa multa sa nahuling pagbabayad sa buong buhay ng account.
- Apila sa iyong bayarin-** Lahat ng mga apila sa bayarin ay sinusuri ng Punong Tagapamahala.

Gaya ng lagi, kung mayroong anumang katanungan makipag-ugnayan sa opisina ng Distrito sa 760-868-1212.

Polisiya sa Paghihinto mula sa Ordinansa Blg. 2019-02

7117.01 **Pagputol ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad** – Dapat putulin ang serbisyo sa tubig kung ang hindi naisagawa ang pagbabayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng animnapu (60) araw sa kalendaryo mula nang mapabayaang account. Sa loob ng apatnapu't walong (48) oras bago ang pagpuputol, susubukan ng Distritong magbigay-alam sa naninirahan sa apektadong pag-aari sa telepono o nang personal. Hindi kailanman sisimulan ng Distrito ang pagpuputol ng serbisyo sa tubig sa oras na sarado ang mga opisina, o kapag Sabado, Linggo, o ligal na bakasyon (Koda ng Pamahalaan Seksyon 60374). Ang Nakasulat na Polisiya sa Paghihinto ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad ay ang sumusunod:

7117.01.1 **Nakasulat na Polisiya** – Ang Seksyon 7117.01 nng Polisiyang ito ay siyang maglilingkod bilang Nakasulat na Polisiya ng Distrito para sa Paghihinto ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad (HSC 116906(a)).

7117.01.2 **Mga Pagsasalin** – Ang mga pagsasalin ng Nakasulat na Polisiya ng Distrito sa Paghihinto ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad at lahat ng mga nakasulat na abiso ay dapat mayroon sa wikang Ingles at sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Kodang Sibil ng mga opisina ng Distrito, sa website ng Distrito, at dapat gawin sa mga abiso kapag kinakailangan (HSC 116922).

7117.01.3 **Pagpuputol Dahil sa Hindi-Pagbabayad** – Hindi dapat putulin/patayin/ihinto ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi-pagbabayad hangga't mapabayaang account nang animnapung (60) araw (HSC 116908 (a) (1) (A)).

7117.01.4 **Ugnayan sa Customer** – Kung mabigo ang Distritong makipag-ugnayan sa customer o kanino mang may sapat na gulang na naninirahan sa lugar sa pamamagitan ng telepono, at ang nakasulat na abiso ay ibinalik sa koreo bilang hindi matanggap na liham, magsasagawa ng kabutihan ang Distrito na bisitahin ang tirahan at mag-iwan doon, o gumawa ng iba pang pag-aayos ng paglalagay sa hayag na lugar, ng abiso hinggil sa nalalapit na paghihinto ng serbisyo dahil sa hindi-pagbabayad kasama ang kopya ng Polisiya ng Distrito sa Pagpuputol/Paghihinto ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad (HSC 116908 (a) (2)).

7117.01.5 **Muling Pagkakabit ng Serbisyo** – Ang mga customer na naputulan ng serbisyo sa tubig ay maaaring makipag-ugnayan sa Distrito sa pamamagitan ng telepono o nang personal tungkol sa muling pagkakabit ng serbisyo sa tubig. Mangyayari lamang ang pagpapanumbalik ng serbisyo sa tubig kapag nabayaran na ang lahat ng napabayaang

singil sa account pati ang mga karagdagang bayad o singil na naging resulta ng proseso ng pagkaputol at muling pagkakabit, pati na rin ang anumang mga deposito na maaaring kailanganin ng Distrito (HSC 116912).

7117.01.6 **Mga Abiso**

7117.01.6.1 **Abiso sa Kapabayaan Alinsunod sa Koda ng Pamahalaan Seksyon 60373**

(a) Hindi maaaring wakasan ng Distrito ang serbisyong pantahanan dahil sa hindi-pagbabayad ng napabayaang account maliban kung nakapagbigay muna ang Distrito ng abiso sa kapabayaan at nagbababalang pagwawakas, kahit man lang sampung (10) araw bago ang iminumungkahing pagwawakas, sa pamamagitan ng pagpapadala ng abiso, na bayad na ang selyo, sa kung kaninong customer isinisingil ang serbisyo nang hindi aaga sa labingsiyam (19) na araw mula sa petsa ng pagpapadala ng Distrito ng bayarin sa mga serbisyo, at hindi maaaring tapusin ang sampung (10) araw na palugit hanggang makalipas ang limang (5) araw ng pagpapadala ng abiso (Koda ng Pamahalaan Seksyon 60373 (a)).

(b) Kailangang gumawa ang Distrito ng isang makatwiran, may magandang hangaring pagsisikap upang maugnayan ang isang nasa tamang gulang na naninirahan sa lugar ng customer sa telepono o nang personal ng kahit man lang apatnapu't walong (48) oras bago ang anumang pagwawakas ng serbisyo maliban kung hindi magawa ang pakikipag-ugnayan sa telepono o nang personal, kailangang magbigay ang Distrito, sa pamamagitan ng pagpapadala o pagpapaskil sa hayag na lokasyon sa lugar, ng kahit apatnapu't walong oras bago ang pagwawakas (Koda ng Pamahalaan Seksyon 60373 (b)).

(c) Bawat abiso sa pagwawakas ng serbisyo alinsunod sa pangkat (a) ay dapat sumaklaw ng lahat ng mga sumusunod na impormasyon sa malinaw at mababasang ayos (Koda ng Pamahalaan Seksyon 60373 (c):

(1) Ang pangalan at tirahan ng customer na nagmamay-ari ng napabayaang account.

(2) Ang napabayaang halaga.

(3) Petsa ng kabayaran o pag-aayos sa kabayaran para maiwasan ang pagwawakas.

(4) Paglalarawan sa proseso ng paghiling ng palugit na oras

na mabayaran ang mga napabayaang singil.

(5) Paglalarawan sa pamamaraan ng pagpapasa ng petisyon para sa pagrerepaso at pag-aapila sa bayarin.

(6) Ang pamamaraan kung saan pwedeng magpasimula ang customer ng reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyong tungkol sa serbisyo o mga singil.

(7) Paglalarawan ng pamamaraan kung saan ang customer ay maaaring humiling ng pagpapaliban ng, binawasan, o alternatibong iskedyul ng kabayaran, kasama na ang amortisasyon ng mga hindi pa nababayaranang singil, na naaalinsunod sa mga nakasulat na polisiyang ipinahayag dito sa Seksyon 7117.01.

(8) Ang pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon sa pagkakaroon ng tulong pinansyal, kasama na ang pribado, lokal, estado, o pederal na pagkukunan, kung naaangkop.

(9) Numero ng telepono ng kinatawan ng Distrito na maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon o magsaayos ng kasunduan sa pagbabayad.

(d) Kung mabigo ang isang pantahanang customer na sumunod sa amortisasyon, hindi dapat wakasan ng Distrito ang serbisyo nang hindi nagbibigay ng abiso sa customer sa loob ng apatnapu't walong (48) oras bago ang pagwawakas ng mga kondisyon na kailangang matugunan ng customer para maiwasan ang pagwawakas, ngunit hindi hinahayaan ng abisong ito ang higit pang imbestigasyon ng Distrito sa customer (Koda ng Pamahalaan Seksyon 60373 (d)).

(e) Walang pagwawakas ng serbisyo ang dapat isagawa nang hindi sumusunod sa Seksyon 7117.01.6.1 na ito, at anumang serbisyong maling winakasan ay siyang dapat ibalik muli nang walang singil sa pagpapanumbalik ng serbisyo (Koda ng Pamahalaan Seksyon 60373 (e)).

7117.01.6.2 **Abiso ng Nalalapit na Paghihinto ng Serbisyo sa Tubig Alinsunod sa HSC 116916**

(a) Dapat gawin ang pag-aabiso ng nalalapit na paghihinto ng serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng tawag sa telepono. Hindi

bababa sa pitong (7) araw na may pasok bago ang pagpuputol ng serbisyo sa tubig, kailangang makipag-ugnayan ang Distrito sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa customer na nakapangalan sa account para sa anumang kapabayaan at nalalapit na pagpuputol ng serbisyo sa tubig. Isa pa, kailangan ding magbigay ang Distrito, sa pamamagitan ng pagsulat sa customer, ng polisiya sa paghihinto ng serbisyo dahil sa hindi-pagbabayad. Kailangan ding mag-alok ang Distrito na talakayin ang mga pagpipilian para maiwasan ang paghihinto sa serbisyo dahil sa hindi-pagbabayad gaya ng, ngunit hindi limitado sa, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, ipinagpalibang pagbabayad, pinakamababang kabayaran, mga pamamaraan sa paghiling ng amortisasyon para sa hindi pa nababayarang balanse, at petisyon para sa pagrerepaso at pag-aapila sa singil (HSC 116908 (a) (1) (A) and (B)).

(b) Lahat ng mga nakasulat na abiso na ibinigay alinsunod sa HSC 116916

ay dapat ibigay sa wikang Ingles, mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Kodang Sibil, at iba pang wikang sinasalita ng sampung porsyento (10%) ng mga customer sa lugar ng serbisyo ng Distrito.

7117.01.7 **Relasyong Nagpapaupa/Nangungupahan** – Naaangkop ang seksyong ito sa relasyon sa pagitan ng mga nakatira at ng may-ari, namamahala, o tagapangasiwa ng isang tirahan (HSC 116916 (a) at Koda ng Pamahalaan Seksyon 60371).

7117.01.7.1 **Abiso** – Para sa ibinibigay na serbisyo ng tubig sa mga isahang-metrong o sa may o punong metro o nakahiwalay na solong tirahan, isang maramihang-yunit ng istrukturang pantirahan, kumikilos na parke ng bahay, o permanenteng istrukturang pantirahan sa loob ng kampo ng paggawa gaya ng nilinaw sa Seksyong 17008, at ang may-ari, namamahala, o tagapangasiwa ng tirahan, istruktura, o parke ay ang nakatalang customer, kailangang gawin ng Distrito ang lahat ng pagmamalasakit na ipaalam sa mga naninirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag may atraso ang account at wawakasan ang serbisyo, kahit man lang sampung (10) araw bago ang pagwawakas (HSC 116916 (b) at Koda ng Pamahalaan Seksyon 60371).

7117.01.7.2 **Karapatan ng Nakatira na Maging Customer** – Kailangang ipaalam ng Distrito sa mga naninirahan na mayroon silang karapatang maging customer, kung kanino ipapangalan ang serbisyo, nang hindi kinakailangang pagbayarin ng anumang halaga na maaaring nakalipas na sa napabayaang account (HSC 116916 (b) at Koda ng Pamahalaan Seksyon 60371).

7117.01.7.3 **Mga Tuntunin** – Hindi kailangang bigyan ng Distrito ng serbisyo ang mga naninirahan maliban na lamang kung ang bawat naninirahan ay sumasang-

ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at tumutugon sa mga kinakailangan ng batas at ng mga panuntunan at taripa ng Distrito. Gayunpaman, kung isa o higit pang naninirahan ang pumapayag at may kakayahang akuin ang responsibilidad sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong pisikal na paraang ligal na magagamit ng Distrito para piliing wakasan ang serbisyo sa mga naninirahang hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng mga panuntunan at taripa ng Distrito, kailangang bigyan ng Distrito ng serbisyo ang mga naninirahang nakatugon sa nasabing kinakailangan (HSC 116916 (c) at Koda ng Pamahalaan Seksyon 60371 (b)).

7117.01.7.4 **Patunay sa Ligal na Pag-upa** – Bilang isa sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo, dagdag sa iba pang mga kondisyong nasa Mga Panuntunan at Regulasyon ng Distrito, kailangang magbigay ng nangungupahan ng patunay ng ligal na pag-upa, gaya ng kasunduan sa upa, kasunduan sa pagpapaupa, mga kinanselang tseke sa may-ari ng talaan, at/o naka-notaryong dokumento ng may-ari ng talaan ng pag-aari, para kilalanin bilang katanggap-tanggap na aplikante ng serbisyo sa tubig (HSC 116916).

7117.01.8 **Tulong sa Customer**

7117.01.8.1 **Reklamo ng Customer**

(a) Sinumang customer ay maaaring magsimula ng reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyon sa mga sinisingil sa kanilang bayarin sa tubig (Seksyon 7116 ng Polisiyang ito).

(b) Sinumang customer na nagsimula ng reklamo o humiling ng isang imbestigasyon sa loob ng limang (5) araw matapos matanggap ang tinututulang bayarin, o sinumang sa loob ng labingtalong (13) araw ng pagpapadala ng abiso ng nakabinbing pagpuputol ay humiling ng palugit para sa panahon ng pagbabayad ng bayaring iginigiit na lampas sa kakayanan ng customer na bayaran nang buo sa panahon ng normal na tagal ng pagbabayad, dapat bigyan ng pagkakataong suriin ang reklamo, imbestigasyon, o kahilingan ng umaaktong tagapamahala ng pagsusuri ng Distrito.

(c) Kailangang magsama ang pagsusuri ng konsiderasyon sa kung ang customer ay pinapayagang mag-amortisa ng kabayaran sa lahat ng singil para sa pagpapanumbalik ng serbisyo sa tubig sa buong panahong hindi lalampas ng labingdalawang (12) buwan.

(d) Hindi dapat putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa panahong may nakabinbing imbestigasyon ng Distrito para sa tinutunggali o inirereklamo ng customer.

7117.01.8.2 **Apila**

(a) Sinumang customer na may reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyong

alinsunod sa reklamo ng customer na nagresulta sa isang salungat na pagpapasiya ng Punong Tagapamahala o ng itinalaga nila ay maaaring mag-apila ng pagpapasiya sa Pangasiwaan (Seksyon 7102.12 at 7116.04 ng Polisiyang ito).

(b) Kailangang magpasa ng customer ng nakasulat na abiso sa apila sa Kalihim ng Distrito nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagpupulong ng Pangasiwaan sa pagsusulat ng petsang nais nilang daluhan at paksa ng pagtunggali. Pagkatapos nito, maaari nang iprisinta ng customer ang reklamo at anumang ebidensya na susuporta sa posisyon nila at humingi ng desisyon ng Pangasiwaan.

(c) Ang pagpapasiya ng Pangasiwaan ay pinal; anumang susunod na pagtunggali o reklamo sa parehong tinunggaling bayarin sa Pangasiwaan ay hindi na maaaring maging paksa ng apila.

7117.01.8.3 **Alternatibong Pagpipilian sa Pagbabayad** (HSC 116906(a)(1)-(2))

(a) Ang mga ipinagpalibang pagbabayad (palugit ng hanggang dalawang linggo) ay magagamit ng mga customer ng dalawang beses sa kada taon. Ipapataw ang mga naaangkop na multa sa panahon ng palugit na ito.

(b) Mayroong binawasang kabayaran ng isahang-beses na pagpapaubaya sa multa ng pagpuputol at isahang-beses na pagpapaubaya sa multa ang maaaring hilingin ng customer. Magagamit ang mga pagpapaubayang ito nang isang beses sa buong pag-iral ng account.

(c) Maaaring alukin ang mga customer ng alternatibong iskedyul sa pagbabayad sa sandaling aprubahan ito ng Punong Tagapamahala o ng itinalaga nila.

(d) **Kasunduan sa Amortisasyon** – sinumang customer na makatutugon sa mga pangangailangan ng Seksyon 7117.01.10 ng Polisiyang ito na dapat, sa kahilingan ng customer, pahintulatang mag-amortisa, sa panahong hindi lalampas ng labingdalawang (12) buwan, ang hindi nabayaranang balanse ng anumang bayaring iginigiit na higit sa kakayahang bayaran ng customer sa loob ng normal na tagal ng panahon ng pagbabayad.

(1) Sa oras na matanggap ang ebidensyang isinumite ng customer na nagsasabing natugunan nila ang mga kinakailangan ng Seksyon 7117.02.09 ng Polisiyang ito, sa loob ng pitong (7) araw, aabisuhan ng Distrito ang customer hinggil sa mga tuntunin ng amortisasyon, at hihingin ang nilagdaang pagpayag ng customer sa paglahok sa amortisasyon, humingi ng karagdagang impormasyon, o abisuhan ang Customer na hindi nila natugunan ang mga kwalipikasyon ng kasunduan sa amortisasyon.

(2) Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig kung ang isang

customer na pinagkalooban ng kasunduan sa amortisasyon sa ilalim ng seksyong ito ay nabigong sumunod sa at magbayad ng anumang halaga ng amortisasyong dapat bayaran sa ilalim ng mga tuntunin at iskedyul ng kasunduan sa amortisasyon at panatilihing napapanahon ang account dahil nadaragdagan ang singil sa bawat susunod na panahon ng pagbabayad.

(3) Uugnayan ng Distrito ang customer sa pamamagitan ng tawag sa telepono para sa panghuling abiso sa layuning putulin ang serbisyo nang hindi iikli sa pitong (7) araw bago ang pagpuputol ng serbisyo sa tubig. Hindi binibigyang karapatan ng pinal na abisong ito ang anumang imbestigasyon o pagrerepaso ng Distrito sa customer.

7117.01.9 **Pagkalibre sa Pagpuputol ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad**

7117.01.9.1 – Hindi maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi-pagbabayad kung natugunan ang LAHAT ng mga sumusunod na kondisyon (HSC 116910):

(a) Ang customer, o nangungupahan sa customer, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng pangunahing tagapagbigay-alaga, na bilang termino ay tinukoy sa subtalata (A) ng talata (1) ng pangkat (b) ng Seksyon 14088 ng Koda sa Kapakanan at Mga Institusyon, na ang paghihinto sa serbisyong pantahanan ay nagbabanta sa buhay ng, o naglalagay ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang naninirahan sa lugar kung saan ibinibigay ang serbisyong pantanahan.

(b) Nagpapakita ang customer na wala silang pinansyal na kakayahang bayaran ang serbisyong pantahanan sa loob ng normal na siklo ng pagbabayad sa Distrito. Kailangang kilalang walang pinansyal na kakayahan ang customer na bayaran ang serbisyong pantahanan sa loob ng normal na siklo ng pagbabayad sa Distrito kung sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang benepisyaryo ng CalWORKs, CalFresh, pangakalahatang tulong, Medi-Cal, Pandagdag na Seguridad sa Kita/Programa ng Estado sa Karagdagang Kabayaran, o Programa ng California para sa Espesyal na Pandagdag Nurtrisyon ng Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata, o idinedeklara ng customer na ang taunang kita ng buong sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan.

(c) Ang customer ay pumapayag na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o plano para sa pagpapaliban o pagbabawas ng bayad, naaalinsunod sa mga nakasulat na polisiyang nakapaloob sa Seksyon 7117.01 ng Polisiyang ito, nang may paggalang sa lahat ng mga singil sa kapabayaan.

7117.01.9.2

(1) Kung ang mga kondisyong nakalista sa Seksyon 7117.02.9.1 ay matutugunan, dapat alukin ng Distrito ang customer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na pagpipilian:

(a) Amortisasyon ng hindi pa nababayaranang balanse.

(b) Pakikilahok sa alternatibong iskedyul sa pagbabayad.

(c) Isang bahagya o ganap na pagbawas sa hindi pa nababayaranang balanse na tutustusan nang walang karagdagang singil sa ibang tagabayad.

(d) Pansamantalang pagpapaliban sa kabayaran.

(2) Maaaring pumili ang Distrito kung alin sa mga opsyon sa pagbabayad na inilarawan sa talata

(1) Gagawin ng customer at maaaring itakda ang mga parametro ng opsyon sa pagbabayad na iyon. Sa karaniwan, ang inialok na opsyon sa pagbabayad ay dapat magresulta sa pagbabayad ng anumang natitirang balanse sa loob ng labingdalawang (12) buwan. Maaaring magkaloob ang Distrito ng mas mahabang panahon ng pagbabayad kung sa tingin nito na ang mas mahabang panahon sa pagbabayad ay maiiwasan ang labis na paghihirap sa customer batay sa mga mga kalagayang ng indibidwal na kaso.

(3) Maaaring ihinto ang serbisyong pantahanan nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ang Distrito ng pinal na abiso sa layuning putulin ang serbisyo sa isang nakalitaw at hayag na lokasyon sa pag-aari sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kalagayan:

(a) Kapag nabigo ang customer na sumunod sa kasunduan sa amortisasyon, o sa plano sa pagpapaliban o pagbabawas ng kabayaran para sa mga napabayaang singil sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa.

(b) Habang isinasagawa ang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o plano sa pagpapaliban o pagbabawas sa kabayaran para sa mga napabayaang singil, at hindi nagbayad ang customer ng kanyang kasalukuyang singil sa pantahanang serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa.

7117.01.10 **Probisyon sa Mababang Kita**

7117.01.10.1 – Para sa isang pantirahang customer na nagpapakita sa Distrito ng isang sambahayang pang-urban at komunidad na serbisyo sa tubig na may kitang mas mababa sa dalawang daang porsyento (200%) ng pederal na linya ng

kahirapan, kailangang gawin pareho ng pang-urban at komunidad na serbisyo sa tubig ang sumusunod:

(a) Magtakda ng bayad sa pagpapanumbalik ng serbisyo sa normal na oras ng operasyon sa halagang limampung dolyar (\$50), ngunit hindi dapat mas malaki sa aktwal na halaga ng ikakabit kung mas mababa rito. Dapat maging paksa ng taunang pagsasaayos ng singil ang pagpapanumbalik ng serbisyo sa Indeks ng Presyo ng Konsyumer simula Enero 1, 2021. Para sa pagpapanumbalik ng serbisyon pantahanan sa hindi oras ng operasyon, kailangang magtakda ang pang-urban at komunidad na sistema sa tubig ng singil sa pagpapanumbalik sa halagang isang daan at limampung dolyar (\$150), ngunit hindi dapat mas mataas kung ang halaga ng ikakabit muli ay mas mababa rito. Dapat maging paksa ng taunang pagsasaayos ng singil ang pagpapanumbalik ng serbisyo sa Indeks ng Presyo ng Konsyumer simula Enero 1, 2021.

(c) Ipagpaubaya na ang anumang interes sa singil na ipinataw ng Distrito sa mga napabayaang bayarin isang beses kada labingdalawang (12) buwan.

7117.01.10.2 – Kailangang paniwalaan ng Distrito na ang isang pantirahang customer ay mayroong sambahayang mas mababa ang kita sa dalawang daang porsyento (200%) ng pederal na linya ng kahirapan kung sinumang miyembro ng sambahayang ito ay benepisyaryo ng CalWORKs, CalFresh, pangakalahatang tulong, Medi-Cal, Pandagdag na Seguridad sa Kita/Programa ng Estado sa Karagdagang Kabayaran, o Programa ng California para sa Espesyal na Pandagdag Nurtrisyon ng Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata, o idinedeklara ng customer na ang taunang kita ng buong sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan.

7117.01.11 **Iba Pang Remedyo** – Dagdag pa sa pagpuputol ng serbisyo sa tubig, maaaring humanap ang Distrito ng iba pang remedyong mayroon ang batas o katarungan na para sa hindi-pagbabayad ng singil sa serbisyo sa tubig, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

(a) **Liens** – Pagse-seguro sa mga napabayaang account sa pamamagitan ng pagpapasa ng liens sa pag-aaring real.

(b) **Pag-angkin** – Pagpapasa ng pag-angkin o ligal na aksyon.

(c) **Mga Koleksyon** – Tinutukoy na mga koleksyon ang mga hindi pa nababayarang halaga. Sa panahong may ligal na aksyong pinagdesisyunang pabor sa Distrito, magkakaroon ng karapatan ang Distrito na mabayaran ang lahat ng halaga at gastos, kabilang na ang singil ng abogado.

7117.01.12 **Panseguridad na Deposito** – Sa oras ng pagpuputol dahil sa hindi-pagbabayad ng serbisyo sa tubig, anumang panseguridad na deposito ay dapat isuko sa Distrito hanggang sa halagang utang sa Distrito. Ang pangangailangan sa pagdedeposito ng panseguridad na deposito ay dapat nakabatay lamang sa pagiging karapat-dapat sa kredito ng aplikante gaya ng pagkakatakoy ng Punong Tagapamahala o ng itinalaga nila.

7117.01.13 **Pagwawakas sa Pangangasiwa** – Ang tagapangasiwa sa account ng customer na may serbisyo sa tubig na pinutol dahil sa hindi-pagbabayad ay hindi na hihiranging karapat-dapat para pangasiwaan ang account; wawakasan na ang pangangasiwa sa account ng customer at ibabalik na ang pangangasiwa ng account ng customer sa nagmamay-ari.

7117.01.14 **Mga Singil sa Pagpuputol at Pagpapanumbalik**

(a) **Singil sa Pagpuputol** - Ang singil sa pagpuputol ay dapat singilin sa account ng customer kapag pinutol ang serbisyo sa tubig ng account ng customer. Hindi puputulin ang serbisyo sa tubig kapag hindi bukas ang mga opisina ng Distrito sa publiko.

(b) **Singil sa Pagpapanumbalik** - Ang singil sa pagpapanumbalik ay dapat singil sa account ng customer para muling maitatag ang serbisyo matapos itong putulin dahil sa hindi-pagbabayad. Ang singil ay dapat maging triple ng sa singil para sa pagpapanumbalik kapag labas na sa normal na oras ng negosyo. Ang mga bayaring ito ay dapat nasa pagsunod sa Seksyon 7117.01.10.1(a) ng Polisiyang ito, at dapat na maging paksa ng taunang pagsasaayos ng singil ang pagpapanumbalik ng serbisyo sa Indeks ng Presyo ng Konsyumer simula Enero 1, 2021.

7117.01.15 **Mga Kinakailangan sa Pagpapaskil** – Ang polisiyang ipinahayag sa Seksyon 7117.01 ng Polisiyang ito ay dapat makukuha sa website ng Distrito at sa opisina ng Distrito.

7117.01.16 **Mga Kinakailangan sa Pag-uulat** – Dapat i-ulat ng Distrito ang taunang bilang ng mga inihihintong serbisyong pantahanan dahil sa walang kakayahang pagbabayad sa Internet Web site ng Distrito at sa pangasiwaan. Dapat ilagay ng Pangasiwaan sa Internet Web site nito ang iniulat na impormasyon.

7117.01.17 **Pagdodoble at Pagkakasalungatan** – Kung saan ang mga probisyon ng umiiral na batas ay nagdodoble sa Seksyon Section 7117.01 ng Polisiyang ito, dapat kilalanin ang pagtalima sa isa bilang pagtalima sa isa pa. Kung saan ang mga probisyong iyon ay nagsasalungat, ang mga probisyon ng Seksyon 7117.01 ang dapat sundin. Walang anuman sa seksyong ito ang dapat ipakahulugang naglilimita o naghigpit sa pag-iingat sa pamamaraan laban sa pagpuputol ng serbisyo sa tubig na umiiral simula noong Disyembre 31, 2018.

7117.01.18 **Hindi Awtorisadong Aksyon at Pagwawakas ng Serbisyo** – Ang Seksyon

7117.01 ng Polisyang ito ay hindi magiging aplikable sa pagwawakas ng Distrito sa koneksyon ng serbisyo nang dahil sa hindi-awtorisadong aksyon ng customer.